REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-214

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGTAGUYOD AT PAGSANG-AYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAPAGTIBAY ANG RP-US TREATY OF FRIENDSHIP, COOPERATION AND SECURITY.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang kasalukuyang lagay ng pananalapi ng bansa ay salat at ang ekonomiya ay wala pang tatag kung kaya't ang anumang tulong at suporta na maipagkakaloob ng malalaki at maunlad na bansa ay lubos na kinakailangan;

SAPAGKAT, alinsunod sa mga pahayag ng mga dalubhasa sa pananalapi, ang pambansang ekonomiya ay bababa ng labinlimang bahagdan (15%) sa sususnod na taon kung aalisin ang mga base-amerikano sa Setyembre, 1991;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng katatagang pampulitika (political stability) at sekuridad (security) ang isang bansa ay nakapagpapasigla at nakakahimok ng pandayuhang pamumuhunanan (foreign investments);

SAPAGKAT, ang di-pagpapatibay ng kasunduan (treaty) ay magdudulot ng masamang epekto sa programang pagmomoderno ng hukbong sandatahan (armed forces) ng bansa at malaking kabawasan sa pagkakaroon ng pamamahalang estratehiya (strategic control) sa kampanya nito laban sa insurhensiya (counter insurgency campaign) at ang maaaring pagsalakay ng dayuhan (foreign aggression) na sasakop ng ating bansa na mag-aalis ng tinatamasa nating kasarinlan;

SAPAGKAT, sa pagpapatibay ng kasunduan ay magkakaroon ng kapakinabangan ang bansa sa pamamagitan ng karagdagang kalakalan (trade), tulong (aid) at mabuting mga kasunduan sa pag-utang (terms on loans);

SAPAGKAT, ang pagpapatibay ng kasunduan ay hindi lamang dahil sa nakapaloob sa "compensation package" kungdi na rin upang mahimok ang mga banyagang mamumuhunan na mamumuhunan dito na walang alinlangan ay magdudulot ng maraming hanapbuhay sa ating mga mamamayan at tataas ang ating kikitain sa buwis na iniluluwas sa ibang bansa (export revenues) at bunga nito'y bubuti ang ating kalagayan sa pagbabayad (balance of payment);

SAPAGKAT, ang pag-alis sa mga base ay magdudulot ng gutom sa libo-libong mga kababayan nating Filipino na mawawalan ng hanapbuhay;

SAPAGKAT, sa kasalukuyang krisis at mga kalamidad na dinadanas ng ating bansa ay kailangang-kailangan ang tulong ng malalaking bansa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa,Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan na itaguyod at sang-ayunan na mapagtibay ang RP-US Treaty of Friendship, Cooperation and Security at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Mataas na Kapulungan (Senate) sa pamamagitan ni Senate President Jovito R. Salonga.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 170th regular na pulong na ginanap ngayong ika-9 ng Setyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

SENATE of the PHILIPPINES
DATE SEP 10 1991
RECEIVED
BY
SENATE MAIL

PBS/vts